

Ang Kahalagahan ng mga Pagsubok

“2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso; 3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4 At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anoman kakulangan.” (Santiago 1:2-4 KJV)

Walang sinuman ang masaya o magiging masaya kung siya ay dumaan sa mga pagsubok, dahil ang mga pagsubok ito ay nangangahulugan ng sakit at pagdurusa. Ngunit ang sinabi ni Apostol Santiago dito, ***“2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso.” (Santiago 1:2 KJV)*** Bakit dapat isipin na masaya ang lahat ng ito sa pagdaan sa mga pagsubok? Dahil sa pamamagitan ng mga pagsubok ay nakakamit ng Dios sa atin ang mga mabuting bagay at bilang mga sumusunod:

1. Maari nating makilala ang Dios sa pamamagitan ng mga pagsubok: Ang tao ay nabubuhay at lumalago na nakadepende sa kanyang sarili at hindi sa ibang tao na nakapalibot sa kanya at sa kanyang kapaligiran. Kahit pa siya ay nahaharap sa mga problema umaasa pa rin siya sa kanyang sarili at sa mga taong nakapalibot sa kanya para lutasin ang mga suliranin ito. Ngunit ang panahon ay darating at ipapahintulot iyon ng Dios ang mahirap na pagsubok at ilang suliranin na dumaan sa buhay ng isang tao at iyon ang susubok sa kanya sa lahat ng kanyang makakaya at gagamitin niya ang lahat nang nasa kamay niya upang lutasin ito. Sa gayon ito ang panahon na mapagtatanto ng tao ang kanyang kakulangan at kawalan ng kakayahan na pamahalaan ang kanyang buhay depende sa kanyang sarili o sa iba. Pagkatapos ito ang panahon na hahanapin niya at bumaling sa Dios at patungo sa krus ni Jesus at ibibigay ang kanyang buhay at isuko ito sa Dios. Gagawin iyon ng tao kapag ibinagsak siya ng mga pagsubok. Ang proseso ng panganganak ay masakit kapag ang babae ay nasa panganganak. ***Gayundin upang maipanganak na muli mula sa Dios ipanganak na muli ay masakit na sandali kapag ang tao ay dumaan sa mahihirap na pagsubok at masakit na karanasan kapag napagtanto niya na kailangan niya ang Dios upang tulungan siyang malagpasan, at sa gayon ito ang sandali na aanyayahan niya si Jesus sa kanyang buhay at maipapanganak na uli sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios.***

2. Lumalapit tayo sa Dios sa pamamagitan ng mga pagsubok na nagtitiwala sa Dios lamang: Maging sa atin ngayon na ipinanganak na muli ay makakatulong sa atin na lumapit sa Dios at mas mapalapit sa kanya. Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na magtiwala pa sa Dios at sa Kanyang dakilang kapangyarihan. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng mga sumusunod: ***“5 Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.” (Kawikaan 3:5-6 KJV)*** Maging sa atin ngayon na nagtitiwala sa Dios, maaari pa rin tayong umasa sa ilang mga mapagkukunan o talento na ibinigay sa atin ng Dios. O baka umaasa pa rin tayo sa ilang kaibigan o tao na malapit sa atin at nagpapakita ng interes sa ating mga gawain. **** Maari tayong malihis at ilagay ang ating pagtitiwala sa ganoong mga bagay, samakatuwid sa pamamagitan ng mga pagsubok ipapakita sa atin ng Dios na kahit ang mga magandang mapagkukunan na mayroon tayo, ay mula sa Dios, at kahit ang mga mabubuting tao na nais tumulong sa atin ay hindi nila kaya, kaya nga kailangan talaga nating lubos na umasa sa Dios. * Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na lubos na magtiwala sa Dios at huwag umasa sa ating sariling kaisipang pamamaraan, sa paraan na tayo'y magisip at sa ating sariling kaunawaan.***

3. Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na manalangin at mag ayuno: **** Tayo bilang mga Cristiano ay nanalangin ngunit ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na manalangin nang higit pa, tuloy-tuloy na manalangin, patuloy, manalangin nang taimtim, lumuhod at manangis sa paanan ni Jesus at umiyak sa Dios. * Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa ating ipagkumbaba ang ating sarili sa harapan ng Dios sa pamamagitan ng panalangin at pag aayuno paghiling sa Kanya na makiaalm at lutasin ang sulirainn at pigilan ang mga banta na sumusulong sa atin sa atin.***

4. Ang mga pagsubok ay nakakatulong sa atin na magsisi: Kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok ang ilan sa mga ito ay nag aakay sa atin na magsisi. Ang ilan sa mga ito ay dahil sa bunga ng ating mga kasalanan, ***“Ang inyong mga kasamaan ang nangaghiwalay ng mga bagay na ito, at ang inyong mga kasalanan ang nagsipigil sa inyo ng kabutihan.” (Jeremias 5:25 KJV)*** Ang ilang mga pagsubok ay dahil sa disiplina ng Dios upang ituwid tayo at dalhin tayo sa tamang daan, ***“7 Na dahil sa ito'y parusa kayo'y nagtitiis; inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? 8 Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at hindi tunay na anak.” (Hebreo 12:7-8 KJV)*** **** Kaya nga ipinahintulot ng Dios ang mga pagsubok at gamitin ang mga ito bilang disiplina sa atin at isang pagsaway upang dalhin tayo sa pagsisisi at bumalik sa Dios. * Ipinahintulot din iyon ng Panginoon upang dalhin natin ang mga bunga ng ating mga kasalanan at iyon ay masakit ngunit iyon ang magbibigay sa atin ng malinaw na pasya at isip na huwag ulitin iyon.***

5. Ang mga pagsubok ay ipakita sa atin ang kaluwalhatian ng Dios at ang kapangyarihan ng Makapangyarihang Dios: Gaya ng sinabi ni Jesus kay Marta bago niya buhayin si Lazaro mula sa mga patay, sapagkat iniisip niya na ang kanyang katawan ay nangangamoy na, **“40 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Di бага sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios?”** (Juan 11:40 KJV) At tunay na si Jesus ay nagpatuloy at binuhay siyang muli mula sa mga patay. **Sa mga pagsubok haharapin ng Dios ang ating mga problema sa ilang mga paraan na lampas sa ating imahinasyon at sa iniisip natin.** Halimbawa noong ang bayan ng Dios ay sumusulong patungo sa Dagat na Pula na tumatakas mula sa hukbo ni Faraon sila ay nasa pagitan ng dalawang problema, kung paano tatawid sa Dagat na Pula at kung paano makatakas sa hukbo ni Faraon. Natakot ang mga tao ngunit hinikayat sila ni Moises, **“13 At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon na gagawin sa inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man. 14 Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon, at kayo'y tatahimik.”** (Exodu 14:13-14 KJV) Hinihikayat din tayo ngayon sa Salita ng Dios na tutulungan tayo ng Panginoon at makikipagbaka para sa ating pakikibaka. Hindi kailanman sa isip o pag unawa ng mga tao na hahatiin ng Dios ang Dagat na Pula at ang mga tao ay tatawid sa isang tuyong lupain at sa pader ng tubig sa kanilang magkabilang panig.

Paanong dumaan ang mga tao sa pamamagitan ng Dagat na Pula sa tuyong lupa? Ipahintulot ng Panginoon ang malakas na hangin na dumaan upang hatiin ang tubig at gawin itong tuyong lupa. **“21 At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat; at pinaghiwalay ng Panginoon ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na hanging silanganan ng buong magdamag, at ang dagat ay pinapaging tuyong lupa at ang tubig ay nahawi. 22 At ang mga anak ni Israel ay pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa: at ang tubig ay naging isang kuta sa kanila, sa kanilang kanan at sa kanilang kaliwaa. 23 At hinabol sila ng mga Egipcio, at nagsipasok na kasunod nila sa gitna ng dagat, lahat ng mga kabayo ni Faraon, ang kaniyang mga karro, at ang kaniyang mga nangangabayo. 24 At nangyari, sa pagbabantay sa kinaumagahan, na minasdan ng Panginoon ang hukbo ng mga Egipcio sa gitna ng haliging apoy at ulap, at niligalig ang hukbo ng mga Egipcio. 25 At inalisan ng gulong ang kanilang mga karro, na kanilang hinila ng buong hirap: na ano pa't sinabi ng mga Egipcio, Tumakas tayo sa harap ng Israel: sapagka't ipinakikipaglaban sila ng Panginoon sa mga Egipcio.”** (Exodu 14:21-25 KJV) Maaaring ibaling ng Dios ang mga pagsubok na iyong pinagdadaanan at baguhin ang takbo nito para sa iyong kapakanan sa paraang hindi mo kayang unawain at hindi mo maisip. Dinala ng Dios ang malakas na hanging silangan sa kanila na naghati sa Dagat na Pula at nagpasulong sa kanila na tumakas sa hukbo ni Faraon. May dating dalawang problema sila, ang Dagat na Pula at ang hukbo ni Faraon, at ipinadala sa kanila ng Dios ang ikatlong problema, na siyang hangin, na lumutas sa unang dalawang problema. **Sa tiyak na mga pagkakataon na ikaw ay nasa tiyak na mga kaguluhan ngunit darating ang Dios at ipahintulot ang isa pang problema na lulutas sa lahat ng iyong mga problema mo tulad ng ginawa Niya dito.** Hindi lamang iyon kundi ibabaliktad Niya ang labanan para sa iyo at bibigyan ka ng malaking tagumpay laban sa iyong kaaway habang nagtitiwala ka sa Kanya tulad ng ginawa Niya sa mga Israelita gaya ng mababasa natin dito. **“26 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay sa dagat, upang ang tubig ay tumabon sa mga Egipcio, sa kanilang mga karro, at sa kanilang mga nangangabayo. 27 At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa dagat, at ang dagat ay nagsauli sa kaniyang dating lakas, nang umumaga; at ang mga Egipcio ay nagsitakas, at nilaginlin ng Panginoon ang mga Egipcio sa gitna ng dagat. 28 At ang tubig ay nagsauli, at tinakpan ang mga karro, at ang mga nangangabayo, sa makatuwid бага'y ang buong hukbo ni Faraon na pumasok na sumunod sa kanila sa dagat; walang natira kahit isa sa kanila.”** (Exodu 14:26-28 KJV)

Ang mga paraan ng Dios ay hindi paraan ng tao at ang Kanyang pag iisip ay iba sa kaysa sa ating pag iisip gaya ng sinabi Niya, **“8 Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon. 9 Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip.”** (Isaias 55:8-9 KJV) Patuloy nating pagnilayan na malaman kung bakit tunay na kagalakan ang pagdaan sa iba't ibang pagsubok at kung paanong ang mga pagsubok at suliranin ay maaring maging mapagkunan ng mga pagpapala sa iyo.

6. Sa pamamagitan ng mga pagsubok matututo tayong magtiwala sa Dios at magtiwala sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako na nasa Bibliya: Nang si Jesus ay tinukso ng diablo sinabi sa Kanya, **“3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.”** (Mateo 4:3 KJV) Si Jesus nang oras na iyon ay gutom at kaya Niyang baguhin ang bato sa tinapay, ngunit hindi ito ang itinakda ng Dios at inilaan para sa atin sa Kanyang Salita. Susuwayin ni Jesus ang Dios kung gagawin Niya iyon, ngunit nagtiwala Siya sa Dios at sa Kanyang Salita na ang Panginoon ang magbibigay sa Kanya na mabuhay at kaya naman sinagot Niya ang diablo ng sumusunod: **“4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios.”** (Mateo 4:4 KJV) **Ang mga pagsubok ay magtuturo sa atin na sa panahon ng pangangailangan at problema hindi natin kailangang magnakaw, mandaya o magsinungaling upang**

para tayo ay mabuhay. Ngunit ang mga pagsubok ay magtuturo sa atin na magtiwala sa Dios at sa Kanyang Salita na nasa Bibliya na Siya ang magbibigay sa atin at tutulong at magtutustos sa atin.

7. Sa pamamagitan ng mga pagsubok ang ating pananampalataya sa Dios at sa Kanyang mga pangako ay madagdagan at maitatag: May mga pagsubok na nangangailangan sa atin ng ilang mga imposible at pambihirang mga bagay na gagawin o makakamit upang masunod natin ang Salita ng Dios at sa Kanyang mga utos. Nang tinawag ng Dios si Abraham upang ialay sa Kanya ang kanyang isa at natatanging anak na si Isaac, sumunod si Abraham sa Dios dahil siya ay nagtiwala sa Salita at pangako ng Dios, hanggang sa punto na kayang buhayin ng Dios si Isaac mula sa mga patay: **“17 Sa pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay inihandog si Isaac: oo, siyang tumanggap na may galak ng mga pangako ay siyang naghandog sa kaniyang bugtong na anak; 18 Sa makatuwid baga'y yaong pinagsabihan, Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi: 19 Na inisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin siyang maguli ng Dios; mula diyan din naman ay muli siyang tinanggap sa isang halimbawa.”** (Hebrew 11:17-19 KJV) Nang si Isaac ay yumaon upang ialay ang kanyang anak, nagtanong ang kanyang anak na si Isaac sa kanya, **“7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.”** (Genesis 22:7-8 KJV) Nagpapakita iyon na si Abraham ay may lubos na pananampalataya sa mga pangako ng Dios, at ang pagsubok na iyon o pagsubok ang nagpatibay kay Abraham na ang Dios ay tapat at ang lahat ng Kanyang mga pangako ay totoo. **Ang mga pagsubok at pagsusulit na ipinahintulot ng Dios na dumaan sa ating buhay ay magpapatunay sa atin na ang Dios ay totoo sa lahat ng Kanyang mga pangako at ito'y maghihikayat sa atin na sundin ang Dios at lumakad sa lahat ng Kanyang mga landas nagtiwala sa lahat ng Kanyang mga pangako na Siya ang maglalaan para sa atin matapos nating sundin Siya upang mamuhay sa nais Niyang ipamuhay natin.** Gaya ng paglalaan ng Dios ng tupa para kay Abraham para sa handog ibinigay ng Panginoon sa atin si Jesus upang ilitas tayo mula sa mga kasalanan at sa Kanya tayo ay may walang hanggang buhay.

8. Ang mga pagsubok ay sumusubok sa ating pananampalataya: May ilang mga taong sinasamba nila ang Dios hangga't binibigyan Niya sila ng mga materyal na bagay, ngunit ang mga taong iyon ay maaring lumayo sa Dios kapag ang mga pagsubok o problema ay dumating sa kanilang buhay. Itutuwid ng Dios ang pananampalataya ng mga taong iyon sa pamamagitan ng mga pagsubok. **Sa pamamagitan ng mga pagsubok ay itinuturo sa atin ng Dios na narapat nating sambahin Siya hindi lamang sa panahon ng mabubuting kalagayan kundi nais Niyang patuloy Siyang sambahin at paglingkuran kahit sa panahon ng mga kaguluhan.** Si Job nang siya ay pinahirapan ng diablo at nawala ang kanyang mga anak, ang kanyang mga ari-arian at maging ang kanyang kalusugan, sinabi ng kanyang asawa sa kanya ang sumusunod: **“9 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang asawa sa kaniya, Namamalagi ka pa ba sa iyong pagtatapat? itakuwil mo ang Dios, at mamatay ka.”** (Job 2:9 KJV) Ngunit sinagot niya siya at sinaway siya gaya ng sumusunod: **“10 Nguni't sinabi niya sa kaniya, Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng hangal na babae. Ano? tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap ng masama? Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job ng kaniyang mga labi.”** (Job 2:10 KJV) Ipinahintulot ng Dios ang mga pagsubok na dalhin tayo sa matibay na pananampalataya na sinasabi nito, **“Sapagka't sa inyo'y ipinagkaloob alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya sa kaniya, kundi upang magtiis din naman alangalang sa kaniya:”** (Filipos 1:29 KJV) Itinuturo sa atin ng mga pagsubok na gaya ni Cristo ay nagdusa at namatay sa krus upang ilitas tayo mula sa ating mga kasalanan, tayo rin ay namumuhay at nagdurusa para sa Kanya upang ang Kanyang pagmamahal ay makarating sa iba at maligtas. **“At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at muling nabuhay.”** (2 Corinto 5:15 KJV)

9. Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na magtiis at magkaroon ng pagtitiyaga: **“3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis.”** (Santiago 1:3 KJV) Ang mga pagsubok ay masakit at mahirap na panahon na maari nating pagdaanan. Ngunit sa mga pagsubok ay may mga bagay na ibinabahagi sa atin ang Diyos na hindi natin matatamo o matatanggap kung walang mga pagsubok. **Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na maging mapagtiis at mati-yaga upang mapanatili ang ating mga tagumpay sa mga pananagutan na itinakda at ipinagkatiwala ng Dios sa atin.** Madaling makamit kung wala tayong mga pagsubok ngunit mas mahirap magtiis sa pagpapatili sa parehong antas ng mga tagumpay at pangako sa mga pagsubok. **Sa mga pagsubok ay binubuo sa atin ng Dios ang pagtitiyaga at pagtitiis. At ipinahintulot ng Dios ang ilang mga pagsubok at mga paghihirap na magpatuloy sa ating buhay hanggang sa makamit natin at mapanatili ang pagtitiyaga at pagtitiis na iyon na nais makita ng Dios sa ating buhay.**

10. Ang mga pagsubok ay nagdadala sa atin ng kaganapan: **“4 At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan.”** (Santiago 1:4 KJV) * Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin at nagbubuo sa atin ng magagandang bagay at higit pang mga bunga ng Banal na Espiritu. * Ipinakikita ng mga pagsubok ito na hindi gagamitin ng Dios ang

mga malakas na punto na mayroon tayo kundi gagamitin ng Dios ang ating mga kahinaan. * Ituturo sa atin ng mga pagsubok na walang imposible sa Dios. Ang mga pagsubok ang magpapasakdal sa atin at gawin tayong walang kakulangan. * Ang mga pagsubok na ipapahintulot ng Dios sa ating lahat na pagdaanan ay magtuturo sa atin na magkaroon ng higit na karanasan at mas higit na sanayin at turuan na hawakan at dalhin ang iba't ibang mga hamon at kahirapan. * Ang mga pagsubok ay nagbibigay sa atin ng kasangkapan para sa hinaharap. * Tulad ng pagtulong ng Dios sa atin na malagpasan ang isang balakid na magiging magandang bagay na may halaga para harapin natin ang iba pang mga hamon sa hinaharap. * Sa kabila ng mga pagsubok ay iyawasto at palalakasin ng Dios ang ating mga saloobin at pagkatao at tutulungan tayong maging mahusay na sinanay upang harapin ang iba't ibang paghihirap at kagipitan sa hinaharap. * Ang Dios sa kabila ng mga pagsubok ay magtuturo sa atin ng pakikibaka at kung paano lalabanan ang ating kaaway, ang diablo at lahat ng demonyo nito at magagawang pamahalaan at hawakan ang mga pakana nito.

11. Maaaring ibunyag ng Dios ang Kanyang mabuting plano para sa iyo sa pamamagitan ng mga pagsubok: Ilang beses kang dumadaan sa mga hindi kasiya-siya at hindi kanais-nais na mga sitwasyon. Hindi mo man lang maipaliwanag o maintindihan kung bakit mo pinagdadaan ang lahat ng iyon. Ngunit sa kalaunan kapag natapos na ang mga pagsubok at nakatayo ka na sa isang matibay na lupa ay tinitingnan mo ang nakaraan at nauunawaan mo na kung wala ang mga pagsubok na iyong pinagdadaan ay wala ka sa lugar na nais ng Dios na makarating mo. **Ang ilang mga pagsubok ay pinahihintulutan ng Diyos sa iyong buhay upang ikaw ay gumawa ng isang tiyak na desisyon na magdadala sa iyo kung saan nais ng Dios na ikaw ay naroroon.**

Sa aking Mahal at Minamahal: Sinabi ng Panginoong Jesus, **“33 Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.” (Juan 16:33 KJV)** Ang mga pagsubok at kapighatian ay hindi natin maiiwasan, kailangan nating pagdaanan; ang mga ito'y bahagi ng pagtawag ng Dios sa atin. Ngunit may katagumpayan tayo kay Jesus at sa ginawa Niya sa krus para sa atin. Kailangan nating magtiwala sa Kanya nang lubos at lumakad sa Kanyang mga landas. **“12 Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisiibig sa kaniya.” (Santiago 1:12 KJV)** **May layunin ang bawat pagsubok na ipinahintulot ng Dios sa ating buhay. Kailangan nating magtiis at tumugon sa mga ito sa eksaktong paraan na nais ng Dios na kumilos tayo upang ang layunin ng Dios sa ating buhay ay makamit.**

Tayo ay manalangin

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong mensahe at sa iyong Salita na nilinaw mo sa akin at sinagot ang lahat ng aking mga katanungan; na nagbigay sa akin ng katiyakan at nagtatag sa akin sa tamang daan at ipagkaloob sa akin ang malinaw na kaunawaan. Panginoon palakasin mo ako, tulungan mo akong magtiwala sa iyo nang higit sa panahon ng mga pagsubok, na magtiis at lumakad sa iyong mga landas. Panginoon hayaang ang lahat ng mga pagsubok na aking pinagdadaan ay magturo sa akin na gawin ang iyong kalooban at makamit ang iyong layunin at ang iyong mabuting plano para sa aking buhay.

Magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. Panginoon ipinagtapat at tinalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon tulungan ako na dumaan sa pagsubok na ito sa aking buhay _____.

Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na nagsisi, na bumalik sa iyo at sa mga dumadaan sa mga pagsubok. Panginoon tulungan mo sila at lutasin ang kanilang mga suliranin, at gamitin ang lahat mga pagsubok na ito na pinagdadaan nila na magdala sa kanila sa pagsisisi, na magkaroon ng malinis na pananampalataya sa iyo, na handang magdusa para sa iyo, na maging ganap at sakdal at hindi magkulang, at upang maisakatuparan nila ang magandang plano na mayroon ka para sa kanila.

Panginoon kami'y nanalangin na pagpalain kami bilang simbahan, at mapagtagumpayan namin sa pamamagitan ng mga pagdurusa at pagsubok. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at maglingkod sa iyo nang matagumpay sa pamamagitan ng lahat ng mga pagsubok na ipinapahintulot mo sa amin na pagdaanan. Panginoon manguna ka sa amin at tulungan kami na magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag aaral ng Bibliya at makamit ang iyong layunin at iyon plano sa aming buhay maging sa panahon ng mga pagsubok. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, **“Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios’, Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.**

Ang mga Kahalagahan ng mga Pagsubok: Santiago 1:2-4. Kawikaan 3:5-6. Jeremias 5:25. Hebreo 12:7-8. Juan 11:40. Exodo 14:13-14, 21-28. Isaias 55:8-9. Mateo 4:3-4. Hebreo 11:17-19. Genesis 22:7-8. Job 2:9-10. Filipos 1:29. 2 Corinto 5:15. Juan 16:33. Santiago 1:12.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com